MAIL PERMIT No. 2C-17-05-533/ ENTERED AS 1ST CLASS ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 11 Blg. 21 September 21-27, 2026 P20.00



Tagaytay City Velodrome-Cavite

# YAKAP NA HANDOG NG PANGULO: KALINGANG NARARAMDAMAN, KALUSUGANG MAAASAHAN


pahina 2



Tech Upgrade Helps Sampaguita Twin's Maximize Rice Resources- story p.4



Bringing the National ID closer to every Filipino. PSA IV-A registration personnel assist individuals in their National ID registration, ensuring accessible and convenient PhilSys services for communities in CALABARZON.- ***story p.7***



Legarda: "Sa wakas, wala nang VAT ang system loss" - VAT sa iba pang singil sa kuryente, dapat alisin din; maling nasingil, dapat ibalik- story p.2



Cagayan Valley RSTW Highlights Push to Bring STI Closer to Communities- story p.5



On-Site Mobile Acceptance of Civil Registry Documents at Batangas Medical Center for Handog Ng Pangulo Initiative- story p.7



DOST formalizes collaboration with DENR, ISPSC; inks pilot implementation of Project KALIKASAN in Cervantes during the 2026 Handog sa Pangulo in Laoag City- story p.4

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

# YAKAP NA HANDOG NG PANGULO: KALINGANG NARARAMDAMAN, KALUSUGANG MAAASAHAN

Bilang bahagi ng patuloy na pagsulong ng Universal Health Care (UHC), sabay-sabay na isinagawa sa buong bansa ang YAKAP na Handog ng Pangulo noong Setyembre 14, 2026 na may temang "Serbisyong Pangkalusugan, Proteksiyong Pangkalahatan" katuwang ang iba't ibang national at lokal na ahensya tulad ng DILG, PSA, mga Local Government Units (LGUs), DepEd, media partners, at mga piling accredited PhilHealth YAKAP at GAMOT providers.

Sa pamamagitan ng YAKAP na Handog ng Pangulo, higit na pinatitibay ng pamahalaan ang pangakong maghatid ng dekalidad, abot-kaya, at accessible na serbisyong pangkalusugan para sa bawat Pilipino upang masiguro na bawat pamilyang Pilipino ay malayo sa sakit.

Bilang bahagi ng implementasyon nito, bawat lalawigan ay inatasang magsagawa ng tig-isang school-based at community-based activity upang mas maraming mamamayan ang mabigyan ng sapat na impormasyon at mas mapalawak ang kanilang akses sa mga serbisyong pangkalusugan.

Nakatakda ang aktibidad sa pamamagitan sa siyam na piling lugar sa rehiyon:

**LAGUNA**
* Alonte Sports Arena – Biñan, Laguna
* Pedro Guevara Memorial National High School – Santa Cruz, Laguna

**CAVITE**
* Greenbreeze Elementary School – Dasmariñas, Cavite
* New Provincial Government Center – Trece Martires City, Cavite
* Kanggahan Elementary School – Trece Martires City, Cavite
* Tagaytay City Velodrome – Tagaytay City, Cavite

**QUEZON**
* Philippine Normal University South Luzon – Lopez, Quezon
* Quezon Convention Center – Lucena City, Quezon
* Lucena East 7 Elementary School – Lucena City, Quezon

Bahagi ng aktibidad ang pagbibigay ng mahalagang kaalaman tungkol sa PhilHealth YAKAP at Guaranteed and Accessible Medications for Outpatient Treatment (GAMOT) benefit.

Kabilang dito ang impormasyon hinggil sa pag-access ng primary healthcare services, regular na pagpapakonsulta sa mga accredited primary care providers, at availability ng outpatient medicines para sa mas maagap at tuloy-tuloy na pangangalaga sa kalusugan.

Tinatayang may 3,600 total ang nakilahok sa aktibidad kung saan:

•1,648 ang sumailalim sa First Patient Encounter (FPE);
•885 ang nabigyan ng konsultasyon mula sa YAKAP doctors;
•361 ang nakapag-avail ng mga benepisyo sa ilalim ng GAMOT Program; at
•368 ang matagumpay na nairehistro sa PhilSys.

Ayon sa PhilHealth, mahalagang bahagi ng programa ang paglapit mismo sa mga komunidad ng serbisyo sa ilalim ng YAKAP upang matiyak na ang mga miyembro ay may access sa mga serbisyo ng pamahalaan nang hindi na kinakailangang bumiyahe nang malalayo.

Lalo itong mahalaga para sa mga residente ng mga geographically isolated and disadvantaged areas (GIDA), kung saan madalas na limitado ang access sa impormasyon at serbisyong pangkalusugan.

Bukod sa pagbibigay ng impormasyon at serbisyo, binibigyang-diin din ng PhilHealth ang kahalagahan ng opinyon at karanasan ng mga miyembro. Ayon sa PhilHealth, ang feedback mula sa mga miyembro ay mahalagang kasangkapan sa pagtukoy ng mga puwang o kakulangan sa paghahatid ng serbisyo at sa pagtiyak na ang mga programa at benepisyong ipinatutupad ay tunay na tumutugon sa aktuwal na pangangailangan at karanasan ng mga Pilipino.

Sa pamamagitan ng aktibong pakikinig sa mga miyembro, mas napabubuti at napapalakas ang mga serbisyo upang maging mas abot-kaya, at kapaki-pakinabang para sa lahat.

Ang YAKAP na Handog ng Pangulo ay isang inter-agency collaboration sa pakikipagtulungan sa mga katuwang na ahensya ng pamahalaan kabilang ang Department of Education (DepEd), Department of the Interior and Local Government (DILG), at Department of Health (DOH), bilang bahagi ng whole-of-government approach sa pagpapalawak ng akses sa serbisyong pangkalusugan.

Sa pamamagitan ng mas pinaigting na koordinasyon sa mga partner agencies at aktibong pakikilahok ng mga komunidad, inaasahan ng PhilHealth na mas maraming mamamayan ang mabibigyan ng pagkakataong makapagparehistro, makapag-empanel sa kanilang napiling YAKAP provider, at makagamit ng mga benepisyong pangkalusugan na kanilang nararapat matanggap.

Patunay ang YAKAP sa patuloy na pangako ng PhilHealth na ilapit ang serbisyong pangkalusugan sa bawat Pilipino at tiyaking walang maiiwan sa pagkamit ng de-kalidad, madaling ma-access, at makataong pangangalagang pangkalusugan para sa lahat.

Sa pamamagitan ng YAKAP at GAMOT, mas nagiging abot-kamay ang kalusugan at mas nagkakaroon ng pagkakataon ang bawat Pilipino na magkaroon ng mas malusog na kinabukasan.

Kaya naman, paalala ng PhilHealth na magpa-YAKAP na para malayo sa sakit. (SMOC)

# Inflation rate sa rehiyon ng CALABARZON, naitala sa 5.6 percent noong Agosto 2026

CITY OF LIPA, Batangas – Naitala sa 5.6 percent ang headline inflation sa rehiyon ng CALABARZON para sa buwan ng Agosto 2026, ayon sa pag-uulat ni Officer-in-Charge Charity O. Bautisa ng Statistical Operations and Coordination Division (SOCD) ng Philippine Statistics Authority (PSA) CALABARZON, sa ginanap na regional press conference nitong Miyerkules, ika-09 ng Setyembre taong kasalukuyan.

Ang paggalaw ng presyo ng mga bilihin at serbisyo ay bahagyang mas mabagal kumpara sa inflation ng rehiyon noong Hulyo 2026, na nasa 5.8 percent, at mas mabilis naman kaysa noong Agosto 2025 na naitala sa 2.4 percent.

Sa kasalukuyan, ang year-to-date inflation rate mula Enero hanggang Agosto 2026 ay tinatayang nasa 5.1 percent.

Sa mga pangkat ng kalakal, ang pangunahing dahilan ng mas mabagal na pagtaas sa pangkalahatang presyo sa rehiyon nitong Agosto 2026, kumpara noong nakaraang buwan ng Hulyo 2026, ay ang pagbaba ng presyo ng Food and non-alcoholic beverages na may 2.1 percent inflation. Ito ay sinundan ng Housing, water, electricity, gas, and other fuels na may 8.8 percent inflation.

Gayundin, sa mga grupo ng pagkaing produkto sa rehiyon, ang mga sumusunod na pangkat ay nagpakita ng mas mabilis na pagtaas ng presyo nitong buwan ng Agosto 2026 kumpara noong buwan ng Hulyo 2026: Bigas (14.2 percent); Fruits and nuts (8.0 percent); Flour, bread and other bakery products, pasta products, and other cereals (6.4 percent); at Ready-made food and other food products (4.8 percent).

Sa kabilang banda, ang Fish and other seafood na may 6.9 percent inflation; Oils and fats na may 6.2 percent inflation at Mais na may 1.8 percent inflation ay ang mga pangkat ng pagkain na nagpakita ng mas mabagal na pagtaas ng presyo noong buwan ng Agosto kumpara noong buwan ng Hulyo, taong kasalukuyan.

Samantala, nagpakita ng pagbaba ng presyo mula sa pagtaas noong nakaraang buwan ang Milk, other dairy products and eggs na may -1.0 percent inflation at Vegetables, tubers, plantains, cooking bananas and pulses na may -14.6 percent inflation. Nagpakita naman ng mas mabagal na pagbaba ng presyo ang Meat and other parts of slaughtered land animals na may -5.6 percent inflation.

Sa mga lalawigan at Highly Urbanized City ng CALABARZON, ang mga probinsiya ng Laguna, na may 6.7 percent inflation, at Cavite, na may 4.3 percent inflation, ay nagpakita ng mas mabagal na pagtaas ng presyo ng mga bilihin noong buwan ng Agosto 2026 kumpara noong Hulyo 2026. Subalit ang Quezon na may 6.3 percent inflation, City of Lucena na may 5.6 percent inflation, at ang Batangas na may 4.6 percent inflation, ay nakapagtala ng mas mabilis na pagtaas ng antas inflation noong Agosto 2026. Ang probinsiya naman ng Rizal ay nanatili sa antas na 6.6 percent inflation noong buwan ng Agosto 2026.

Dagdag dito, naitala sa rehiyon ng CALABARZON nitong Agosto 2026 ang 73 sentimong halaga ng purchasing power of peso (PPP) o ang halaga ng piso kumpara sa halaga nito noong 2018.

# Legarda: "Sa wakas, wala nang VAT ang system loss" - VAT sa iba pang singil sa kuryente, dapat alisin din; maling nasingil, dapat ibalik

Iginiit ni Senador Loren Legarda na malaking hakbang tungo sa mas patas na singil sa kuryente ang pagtanggal ng Bureau of Internal Revenue (BIR) sa value-added tax (VAT) sa allowable system loss charges, ilang buwan matapos niyang unang kuwestiyunin ang pagbubuwis dito sa gitna ng krisis sa enerhiya at itulak ang agarang aksyon bago pa ito naging malawak na usapin.

Noon pang Marso 2026, kinuwestiyon na ni Legarda ang VAT sa system loss at iba pang singil sa kuryente at naghain ng panukalang batas upang tugunan ito.

Noong Setyembre 14, 2026, inilabas ng BIR ang Revenue Memorandum Circular No. 97-2026, na kumikilala sa allowable System Loss Charge na pasok sa itinakdang cap ng Energy Regulatory Commission (ERC) bilang isang government-mandated pass-through cost. Dahil dito, hindi na ito isasama sa gross sales ng generation companies, National Grid Corporation of the Philippines, at distribution utilities para sa pagkukuwenta ng VAT.

Isa si Legarda sa mga unang opisyal ng pamahalaan na tahasang kumuwestiyon sa pagpapataw ng VAT sa system loss at iba pang bahagi ng electric bill habang nahaharap ang mga consumer sa tumataas na presyo ng enerhiya noong unang mga pagdinig ng Senate PROTECT Committee noong Marso 2026. Bago pa lumawak ang usapin, naghain na rin siya noong Marso 11 ng Senate Bill No. 1963.

"Noong Marso pa lang, tinapat ko na ang mga ahensya noong unang PROTECT hearing: bakit hindi tanggalin ang VAT sa system loss at iba pang charges? Bakit kailangang magbayad pa ng VAT ang consumer sa mga singil na hindi naman nila napakinabangan? At bago pa man ang PROTECT, naghain na tayo ng panukala para magkaroon ng malinaw at patas na batayan sa pagbubuwis, hindi lang sa system loss kundi kasama na rin ang lifeline at iba pang electricity charges, sa Senate Bill No. 1963 o ang VAT Treatment of Socialized Electricity Subsidies and Statutory Charges Act. Sa wakas, wala nang VAT ang system loss," ipinahayag ni Legarda.

Ipinaliwanag ni Legarda na may agarang ginhawang maidudulot ang hakbang na ito sa mga pamilyang Pilipino. Batay sa average residential rates ng MERALCO noong 2025, ang isang household na kumokonsumo ng 200 kWh kada buwan ay nagbabayad ng humigit-kumulang ₱137 sa system loss charges. Kapag inalis ang 12% VAT dito, maaari itong mangahulugan ng bawas na nasa ₱16 kada buwan, o halos ₱200 kada taon. Para naman sa residential consumer na gumagamit ng 600 kWh kada buwan, maaaring umabot sa humigit-kumulang ₱49 kada buwan, o halos ₱600 kada taon, ang matitipid.

"Pero tandaan natin, VAT sa system loss pa lang ito. Maliit pa ang bawas ngayon, pero may iba pang charges sa electric bill na puwede pa nating tingnan. Kaya nga naghain tayo ng panukala para alisin din ang VAT sa iba pang singil sa kuryente. Ipinakita ng BIR na may mga bagay na puwede naman palang ayusin sa tamang pagpapatupad ng batas, kahit hindi na hintayin ang panibagong batas. Sana tingnan din ng BIR at iba pang ahensya kung saan pa puwedeng magbawas para gumaan naman kahit kaunti ang buwanang bayarin ng consumers," ipinahayag ni Legarda.

Binigyang-diin ni Legarda na bahagi ito ng mas malawak niyang adyenda upang maibsan ang pasanin ng mga consumer at mabawasan ang buwis. Nitong taon, naghain siya ng Senate Bill No. 1851 upang ibaba mula 12% tungo sa 10% ang general VAT rate; Senate Bill No. 1857 upang mapagaan ang buwis sa mga pangunahing bilihin, mahahalagang utilities, at serbisyong medikal; Senate Bill No. 2255 o KITA Act upang madagdagan ang take-home pay ng mga manggagawa; at Senate Bill No. 2435 upang palakasin ang fuel security, transparency sa presyo, at proteksyon ng consumers sa panahon ng fuel emergencies.

"Magkakaugnay ang lahat ng ito. Kapag mataas ang kuryente, gasolina, pagkain at gamot, lumiit ang tunay na halaga ng sahod. Kaya kailangan nating dagdagan ang naiuuwi ng manggagawa at bawasan ang mga buwis at singil na nagpapabigat sa pamilya," ipinahayag ni Legarda.

Ayon sa Senador, simula pa lamang ang kasalukuyang mga reporma sa buwis at mga hakbang upang maibsan ang gastos ng publiko. Dahil may mga consumer na nasingil ng buwis na hindi naman dapat ipinataw, sinabi niyang dapat gamitin ng pamahalaan ang lahat ng legal na paraan upang maibalik o ma-credit sa kanila ang mga maling nasingil na halaga.

"Ngayong malinaw na mali ang pagbubuwis sa taumbayan sa allowable system loss, dapat lang hanapan ng paraan ng pamahalaan na maibalik o ma-credit sa consumers ang VAT na maling nasingil sa kanila. Refund must follow," ipinahayag ni Legarda.

Dagdag niya, dapat suriin ng BIR, ERC, Department of Energy (DOE), at iba pang kinauukulang ahensya ang lahat ng mekanismong pinahihintulutan ng umiiral na batas upang maibigay ang nararapat na ginhawa sa consumers, sa pamamagitan man ng refund, bill credits, tax credits, o iba pang legal na paraan.

Hinimok din ni Legarda ang mga consumer na maging mas mapagmatyag sa kanilang electric bill at agad i-report ang anumang kuwestiyonableng singil.

"Sa mga consumers, bantayan natin ang ating bill. Tingnan kung tama ang mga singil at kung may charge na hindi malinaw, itanong agad sa distribution utility at ipaalam din sa ERC. Maaari ring i-save o kuhanan ng litrato ang bill para may record tayo. Kung may nakitang mali o hindi maipaliwanag na singil, huwag palampasin. I-report agad para maimbestigahan at maitama," ipinahayag ni Legarda.

Agad na nagkabisa ang RMC No. 97-2026 at ipatutupad ito prospectively alinsunod sa effectivity provisions ng ERC Resolution No. 26, Series of 2026.

# Editoryal

## Piso at sentimo

**ISINASAAD sa Revenue Memorandum Circular No. 97-2026 na ipinalabas kamakailan ang pagkakatanggal na ng Bureau of Internal Revenue ng Value-Added Tax (VAT) sa allowable system loss charge ng mga kuryente.**

**Ang naturang hakbang ay bahagi ng katugunan sa direktiba ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' R. Marcos Jr. gayundin ni Finance Secretary Frederick Go.**

**May kinalaman ito sa pagpapatupad ng mga praktikal na solusyon na magpapabawas ng pasanin o problema ng mamamayan kaugnay sa mataas na singil sa kuryente at maging sa presyo ng bilihin.**

**Sabi ng BIR, sa bawat piso na mababawas sa resibo ng mga consumer ay malaking tulong sa gastusing pang-araw-araw ng bawat pamilyang Pilipino.**

**Mahalaga ang piso at kahit pa ang sentimo kaya naman may ibang pagtiyak dito ang Mababang Kapulungan ng Kongreso.**

**Ayon kay House Speaker Faustino 'Bojie' Dy III, titiyakin nila ang maayos at malinaw na paggamit ng bawat sentimo sa panukalang P7.2-T 2027 national budget.**

## Hijos Tours naglunsad ng Wellness Tour para sa mas malusog at balanseng pamumuhay

Inilunsad ng CARD MRI Hijos Tours ang dalawang-araw na San Pablo City Wellness Tour noong Abril 24–25, 2026 upang hikayatin ang mga kalahok na magkaroon ng mas malusog at balanseng pamumuhay sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa pinansyal, kalikasan, komunidad, at pananampalataya.

Sampung kliyente ng CARD Bank mula sa Candelaria, Quezon ang lumahok sa unang batch ng programa. Layunin nito na mabigyan ang mga kalahok ng pagkakataong makapag-isip at mas maunawaan ang mga salik na nakatutulong sa mas maayos na pamumuhay.

Ayon sa CARD MRI Hijos Tours, ipinakikita ng programa ang ugnayan ng maayos na pamamahala ng pananalapi, pangangalaga sa kalikasan, pakikipagkapwa, at pananampalataya sa pangkalahatang kalagayan ng isang tao.

Sinabi ni CARD MRI Hijos Tours President Marilyn M. Manila na ang wellness tour ay hindi lamang paglalakbay kundi isang paraan upang matuto sa pamamagitan ng karanasan. "Sa pamamagitan ng tour na ito, pinagsasama namin ang pagkatuto at mga karanasang nagbibigay ng mahahalagang aral," ani Manila. "Layunin naming mahikayat ang mga kalahok na magkaroon ng balanse sa iba't ibang aspeto ng kanilang pamumuhay."

Ipinaliwanag niya na ang programa ay naglalayong magbigay ng espasyo para sa pagkatuto, pagninilay, at pakikipag-ugnayan sa ibang tao, habang nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng balanse sa buhay.

Sa mga nakalipas na taon, mas naging mahalaga para sa maraming tao ang pangangalaga hindi lamang sa pisikal na pangangatawan kundi pati na rin sa emosyonal, espiritwal, at pinansyal na aspeto ng buhay. Bilang tugon dito, binuo ng Hijos Tours ang wellness tour bilang pagsasanib ng paglalakbay at karanasang may aral para sa personal na pag-unlad.

Sa buong programa, nakibahagi ang mga kalahok sa mga aktibidad na nagpalalim ng kanilang koneksiyon sa kalikasan, sa komunidad, at sa kanilang sarili. Kabilang dito ang tree-bathing activities kung saan nakapagpahinga at mas naging malapit sila sa kalikasan. Naranasan din nila ang panunuluyan sa isang lokal na tahanan upang mas makilala ang kultura ng komunidad.

Kasama rin sa kanilang itinerary ang pagbisita sa CARD MRI Head Office at pananghalian sa isang katutubong restawran.

Dinala rin ang mga kalahok sa ilang kilalang likas at makasaysayang lugar sa San Pablo City tulad ng Sampaloc Lake, Sitio Lalao Hot Spring, Kinabuhayan Stream, at Mt. Banahaw. Bumisita rin sila sa mga pook-panrelihiyon gaya ng San Pablo Cathedral, San Agustin Church, Yapak ni Kristo, Presintahan Cave, at Kamalig ni Saint Jacob sa Sta. Lucia, Dolores.

Ayon sa mga tagapag-organisa, ang pagsasama ng mga aktibidad na ito ay nagbibigay ng pagkakataong matuto habang nakararanas ng iba't ibang lugar at gawain. Sa halip na simpleng pamamasyal, layunin ng programa na maghatid ng mas makabuluhang karanasan sa mga kalahok.

Bukas ang Wellness Tour para sa mga kliyente at kawani ng CARD na may edad 18 hanggang 50 taong gulang at kayang lumahok sa mga gawaing may kasamang paglalakad at maikling trekking. Sa pamamagitan ng programang ito, patuloy na pinalalawak ng CARD MRI Hijos Tours ang mga inisyatibo na naglalayong maghatid ng makabuluhang karanasan at isulong ang mas balanseng pamumuhay sa paglalakbay at pakikilahok sa komunidad. ***(Jireh Pearl Casionan, Junior Writer)***



*Mga kalahok sa San Pablo City Wellness Tour habang bumibisita sa Mt. Banahaw, isa sa mga pangunahing destinasyon ng tour na nag-aalok ng kagalingan sa pamamagitan ng kalikasan at espirituwal na karanasan.*

# Kalibre

Romy Santos
0977-7844136

## 'Si Hector, gustong maging doktor'

**KAAKIBAT** na sa bawat bata ang pangarap o ang nais na magiging trabaho o prepesyon sa kanyang paglaki.

Kalimitang naririnig sa mga bata na paglaki ay gustong maging pulis, sundalo, abogado, guro, arkitekto, inhinyero, pulitiko, artista, mamamahayag, at iba pang trabaho.

"Ah! 'Sigurado kami, si Hector ay gustong maging doktor paglaki."

Kumpulan ng mga bata at bahagi ng kanilang kwentuhan ay ang kani-nilang gusto sa paglaki.

Halos iisa naman ang katwiran ng bawat bata sa kung anong propesyon ang pipiliin kapag lumaki na siya.

Karaniwang dahilan ay upang makatulong sa mga tao lalo na sa mga mahihirap at gagampanan ang trabaho ng wasto at tapat na hindi magpapaimpluwensiya sa iba.

Maganda para sa bawat bata ang nangangarap at mapapalad ang nagkakaroon ng katuparan ng kanyang ambisyon.

Dumating ang takdang panahon at ang propesyon na inaambisyon ay nasa kamay na at isinasakatuparan na.

Habang ginagampanan ang trabaho o tungkulin ay hindi maiiwasan na minsan ay may dumarating na iba't ibang uri ng pagsubok.

Pagsubok… na susukat sa katatagan at paninindigan lalo na kung ang pag-uusapan ay salapi, kapangyarihan at impluwensiya ang nakasalalay.

Ikaw, na natupad ang gusto sa iyong paglaki at isa ng ganap na propesyunal ay nahaharap sa matindi at maselang pagsubok.

Doktor, abogado, pulitiko, pulis, mamamahayag, o kahit ano ka pa man sa ngayon ay lilingon ka ba sa likuran?

Paglingon sa likuran na magbabalik-tanaw sa nakaraan na panahong bata na nagsasabing paglaki ko ay gusto kong maging isang xxxxxxxx para makatulong sa mga tao lalo na sa mahihirap at hindi magpapapagamit o magpapadikta dahil lamang sa pera.


HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE K. BILLONES**
*Managing Editor*

Ang '**HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/09687122927
**Website: https://hanep.net**
**Email:** ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com



**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**



***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***



**ADVERTISING RATES**
**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**
**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 109**
**CITY OF CARMONA, CAVITE**
**2nd Flr., Hall of Justice Building.,**
**Brgy. Maduya, City of Carmona, Cavite**
**Email Add: rtc2cac109@judiciary.gov.ph;**
**Tel. No. (046) 4828527**

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**EJF-2026-59**
**For:** EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

**SPS. ARDRICH G. ASALDO AND SHERYL C. ASALDO,**
Debtors/Mortgagors.

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon Extra-Judicial petition for sale Under Act No. 3115, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee, BDO UNIBANK, INC., with postal address at 33rd Floor BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City, against, **SPS. ARDRICH G. ASALDO AND SHERYL C. ASALDO**, with postal address/es at (1.) #144 Bat Compound Pildera II Naia, Malibay, Pasay City; (2) Lot 16 Blk 15 Hawk Drive St., Monteverde Royale Barangay San Juan, Taytay, Rizal Province and (3.) Lot 35 Blk 3 Phase II Carmona Estates Barangay Lantic, Carmona, Cavite, and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of 24 July, 2026 amounts to **NINE HUNDRED FIFTY THOUSAND FIVE HUNDRED NINETY THREE PESOS AND 28/100 (P950,593.28)** Philippine Currency, exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned or his duly authorized representative will SELL at public auction on **October 22, 2026** at 1:00 o'clock in the afternoon at the Lobby of the Hall of Justice Building, Brgy. Maduya, City of Carmona, Cavite to the highest bidder for CASH or MANAGER'S CHECK, in Philippine currency, the mortgaged property/ies with all the improvements thereon to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2019020192**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BARANGAY OF LANTIC, MUNICIPALITY OF CARMONA, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, *bounded and described as follows:*

**LOT NO:** 35, **BLOCK NO:** 3, **PLAN NO:** PCS-04-028207
**PORTION OF:** LOT'S 869-A & 869-B, SWO-40767
**LOCATION:** BARANGAY OF LANTIC, MUNICIPALITY OF CARMONA, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON

**BOUNDARIES:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | NE | LOT 36, BLOCK 3, PCS-04-028207 |
| 2-3 | SE | LOT 872, CAD. 285, CARMONA CADASTRE |
| 3-4 | SW | LOT 34, BLOCK 3, PCS-04-028207 |
| 4-1 | NW | ROAD LOT 18, PCS-04-028207 |

**TIE POINT:** BLLM NO. 6, CAD 285, MUNICIPALITY OF CARMONA, PROVINCE OF CAVITE

| LINE | BEARING | DISTANCE |
|---|---|---|
| TO CORNER 1 | S. 16° 48'E | 940.14 M. |
| 1-2 | S. 16° 07'E | 10.00 M. |
| 2-3 | S. 73° 53'W | 5.00 M. |
| 3-4 | N. 16° 07'W | 10.00 M. |
| 4-1 | N. 73° 53'E | 5.00 M. |

**AREA: FIFTY SQUARE METERS (50), MORE OR LESS**

**DESCRIPTION OF CORNERS:** ALL POINTS REFERRED TO ARE INDICATED ON THE PLAN AND ARE MARKED ON THE GROUND BY P.S. CYL. CONC. MONS 15X40 CMS.
**BEARINGS:** TRUE
**DECLINATION:**
**DATE OF ORIGINAL SURVEY:** AUG. 16, 1940 TO JULY 31, 1941
**DATE OF SUBD/CONS SURVEY:** FEBRUARY 01-10, 2013
**DATE OF APPROVED SURVEY:** MARCH 04, 2014
**GEODETIC ENGINEER:** ROLANDO B. CORTEZ
**NOTES:**

xxxNOTHING FOLLOWSxxx

Prospective buyers and/ or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **October 29, 2026** at the same time and place without further notice.

26th day of August, 2026 at
City of Carmona, Cavite.

By:
(Sgd)
**JOSEPH R. DIOKNO**
Sheriff IV

Noted by:
(Sgd)
**ATTY. CORINNA B. SALONGA-LOPERA**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

Copy Furnished:

**BDO UNIBANK, INC.,**
REMEDIAL MANAGEMENT UNIT c/o JACEL DL. FLORENCIO
33rd Floor BDO Corporate Center Ortigas
No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City

**SPS. ARDRICH G. ASALDO AND SHERYL C. ASALDO**
1. #144 bat Compound Pildera II Naia, Malibay, Pasay City
2. Lot 16 Blk 15 Hawk Drive St., Monteverde Royale Barangay San Juan, Taytay, Rizal Province
3. Lot 35 Blk 3 Phase II Carmona Estates Barangay Lantic, Carmona, Cavite

**Publication: HANEP** September 21, 28 & October 5, 2026

# Tech Upgrade Helps Sampaguita Twin's Maximize Rice Resources

Technology is helping a growing rice enterprise in Cagayan turn post-harvest by-products into useful resources, demonstrating how innovation can improve productivity while supporting a more sustainable agricultural cycle.

The Department of Science and Technology (DOST), led by Secretary Renato U. Solidum Jr., together with Undersecretary for Regional Operations Engr. Sancho A. Mabborang and DOST Region 2 Regional Director Dr. Virginia Belgeria, visited Sampaguita Twin's Buying Station and Rice Mill Co. in Cagayan as part of the 2026 Regional Science, Technology and Innovation Week (RSTW). Managed by Eduardo Santos Carpio, the enterprise provides rice milling, grain trading, and post-harvest storage services to farmers and grain suppliers in Solana, Tuao, Sto. Niño, and Piat.

With technology upgrading support, the rice mill has strengthened its post-harvest operations, allowing faster processing, improved grain quality, better storage, and reduced dependence on weather conditions. These improvements contribute to higher productivity and income while helping the enterprise remain competitive.

More importantly, the rice milling operation demonstrates how agricultural by-products can be put to productive use.

Rice hulls generated during milling, for instance, can serve as biomass fuel for the mechanical dryer, providing an alternative energy source while reducing the amount of waste from processing. Rice bran, locally known as darak, can likewise be utilized as an ingredient in animal feed, particularly for hogs.

Other agricultural materials may also be processed into organic soil inputs, such as compost combined with animal manure, which can eventually be used to support crop production.

Through these practices, materials generated from rice processing gain value beyond their original purpose. What begins as palay from the farm can become rice for consumers, bran for animal feed, and rice hulls for energy, while properly processed organic materials can return nutrients to agricultural land.

This creates a cycle that gives deeper meaning to the concept "From the Farm, Back to the Farm"—maximizing the value of agricultural resources, reducing waste, and creating additional opportunities from every harvest.

The experience of Sampaguita Twin's Buying Station and Rice Mill Co. highlights how government technology interventions, coupled with the initiative of local enterprises, can generate benefits beyond improved milling operations. By strengthening post-harvest systems and making better use of available resources, technology can help build more resilient, productive, and sustainable agricultural communities. ***(Nelson Santos)***

## EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPOUSES CONSTANCIO B. DELA PEÑA AND IRENEA R. DELA PEÑA WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

NOTICE is hereby given that SPOUSES CONSTANCIO B. DELA PEÑA died on January 6, 2009 and IRENEA R. DELA PEÑA died intestate last March 24, 2015, are the absolute owners of a parcel of land, located at Poblacion 12 Amadeo, Cavite more particularly bounded and described in **Tax Declaration of Real Property with TD No. AA-02 0012 00179**, with an area of **ONE THOUSAND SIX HUNDRED SIXTY square meters (1660 SQM),** more or less, to wit:

NORTH: 26 (LOT 4172-P) SOUTH: 28 (LOT 4712-P)
EAST: 29 (LOT 4711) WEST: Callejon

was extrajudicially settled by the HEIRS/SELLERS executed before Notary Public Atty. Mareza G. Ambat as per Doc. No. 33; Page No. 7; Book No. 11; Series of 2026.

**Publication: HANEP** September 21, 28 & October 5, 2026

# DOST formalizes collaboration with DENR, ISPSC; inks pilot implementation of Project KALIKASAN in Cervantes during the 2026 Handog sa Pangulo in Laoag City

The Department of Science and Technology Ilocos Region (DOST Ilocos Region), Department of Environment and Natural Resources (DENR) Ilocos Region, Ilocos Sur Polytechnic State College (ISPSC), and the Municipality of Cervantes formally forged partnership for nature conservation through the signing of the Memorandum of Agreement (MOA) for Project KALIKASAN during the DENR's Handog ng Pangulo, Luntiang Bukas at SM City Laoag, Ilocos Norte today.

DENR Secretary Atty. Juan Miguel T. Cuna led the activity with DOST Ilocos Region Director Dr. Teresita A. Tabaog, DENR Ilocos Region Director Atty. Ronnel C. Sopsop, and ISPSC President Dr. Mario P. Obrero.

Project KALIKASAN which stands for Kiosk for Advocating and Learning through Innovative Knowledge Advancement of Safeguarding and Appreciating Nature is a DOST-funded project under the Community Empowerment through Science and Technology (CEST) Program. It aims to bring science-based information on biodiversity and environmental conservation closer to communities and stakeholders. It will be piloted at the Bessang Pass Natural Monument/Landmark in Cervantes, Ilocos Sur. Through an interactive kiosk, the project will provide information on the area's biodiversity, natural resources, conservation efforts, amenities, and communities, giving visitors, students, and local residents an accessible learning tool.

With the partnership, DOST contributes its expertise in science, technology, and innovation; DENR provides technical guidance on environmental protection and biodiversity conservation data collection and sharing; ISPSC contributes academic and technical support for systems development; and the Municipality of Cervantes supports local implementation and community engagement.

Through the MOA, the partners commit to making environmental education more accessible and encouraging communities and customers to understand, appreciate, and help protect the protected areas. Upon completion of the project, the kiosks will be stationed in Cervantes municipal hall and in the Bessang Pass Natural Monument Landmark.

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 118**
**City of Bacoor, Cavite**
2nd Floor, Main Square Mall
Molino Boulevard, Bacoor City, Cavite
rtc1bcr118@judiciary.gov.ph / 09159602868

**IN RE: PETITION FOR THE REISSUANCE OF THE OWNER'S DUPLICATE OF TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-262749 (TCT 0017855) OF THE REGISTRY OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE**

**LRC CASE NO. 8843-2026-93**

**(Awardee: MA. MARLENE T. RITO)**

**GOVERNMENT SERVICE INSURANCE SYSYTEM (GSIS)**
*Petitioner,*
-versus-
**THE REGISTRY OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE**
*Respondent,*
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**O R D E R**

Before this Court is the *Petition for the Reissuance of Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title (TCT) No. T-262749 (now TCT 0017855)* of the Registry of Deeds for the Province of Cavite, Bacoor City Branch.

Petitioner alleges that it is the assignee and beneficial owner of the subject property covered by TCT No. T-262749 (now TCT No. 0017855) by virtue of a Deed of Absolute Sale with Assignment executed by the registered owner, ARB Construction Co., Inc. Although the petitioner fully paid the purchase price and has remained in possession of the owner's duplicate certificate of title, the duplicate was subsequently lost despite diligent efforts to locate it. Petitioner executed and annotated an Affidavit of Loss, secured certifications from ARB Construction that it has no remaining interest in the property and verified that no adverse claims or pending instruments affect the title. Hence, petitioner prays for the judicial issuance of a new owner's duplicate copy of the certificate of title in lieu of the lost duplicate.

Finding the petition to be sufficient in form and substance, the same is hereby set for *initial hearing* on **November 9, 2026** at 9:00 in the morning at which date, place and hour, any interested person may appear and show cause why said petition should not be granted.

Petitioner is directed to cause the PUBLICATION of the copy of this Order at its expense once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Province of Cavite.

Petitioner is further directed to FURNISH with copies of the petition with annexes the Office of the Registry of Deeds, Bacoor City, the Registry of Deeds for the Province of Cavite and the Land Registration Authority within ten (10) days from receipt of this Order and thereafter to submit compliance to this Court.

Let a copy of this Order be POSTED in three (3) conspicuous places in the City of Bacoor where the property is situated at least thirty (30) days prior to the aforesaid date of hearing, more particularly at the bulletin boards of the following:

1. Regional Trial Court, City of Bacoor Cavite
2. Registry of Deeds, Bacoor City, Cavite
3. Main Entrance, City Hall of Bacoor City, Cavite

**SO ORDERED.**

GIVEN IN CHAMBERS, this 5th day of August, 2026 in the City of Bacoor, Cavite.

(Sgd)
**ROMANO M. DIAZ**
Presiding Judge

Copy Furnished:

**Atty. MARY JANE C. PEREZ**
GSIS LEGAL SERVICES GROUP
*Counsel for the Petitioner*
GSIS Building, Financial Center Area
Roxas Boulevard, 1308 Pasay City
*E-mail: lsgcentral-receiving@gsis.gov.ph; majcperez@gsis.gov.ph*

**GOVERNMENT SERVICE INSURANCE SYSTEM**
*Petitioner*
GSIS Legal Group
Level 6, GSIS Headquarters, Financial Center Area
Roxas Boulevard, 1308 Pasay City

**LAND REGISTRATION AUTHORITY**
East Avenue cor. NIA Road, Diliman, Quezon City
*Email: records@lra.gov.ph*

**ARB CONSTRUCTION CO., INC.**
Attn: The President and Board of Directors
No. 27, North Road, Cubao Quezon City

**REGISTRY OF DEEDS, BACOOR CITY**
Bacoor City Hall, Bacoor Blvd., Bacoor City
*Email: rdbacoorcity@gmail.com*

**REGISTRY OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE**
Capitol Compound, Trece Martires City, Cavite
*Email: rd.provinceofcavite@lra.gov.ph*

**Publication: HANEP** September 21, 28 & October 5, 2026

# Cagayan Valley RSTW Highlights Push to Bring STI Closer to Communities

Bringing science, technology, and innovation closer to communities took center stage as the Department of Science and Technology (DOST) opened the 2026 Regional Science, Technology, and Innovation Week (RSTW) in Tuguegarao City on September 9, 2026.

Anchored on the theme "Siyensya, Teknolohiya at Inobasyon: Kabalikat sa Matatag, Maginhawa at Panatag na Kinabukasan," the three-day celebration brought together government leaders, researchers, academe, industry, enterprises, and communities to showcase how STI can address local development needs.

DOST Secretary Renato U. Solidum Jr. called for science to move beyond laboratories and prototypes and into communities where it can create tangible impact. He emphasized stronger cooperation among researchers, government, industries, and communities to turn innovations into solutions that improve productivity, strengthen resilience, and create opportunities.

DOST Undersecretary for Regional Operations Sancho A. Mabborang likewise emphasized that STI must reach every Filipino, particularly at the grassroots. He highlighted the importance of nurturing innovation and imagination within communities so that people can access technology and develop solutions responsive to their own needs.

Cagayan Province Governor Edgardo B. Aglipay stressed that innovation becomes more meaningful when governors, academics, industries, and communities combine their expertise and resources. Such partnerships, he said, can help transform innovative ideas into opportunities while addressing pressing societal concerns.

These messages were reflected in the technologies and programs featured during the RSTW, which highlighted STI applications in agriculture, education, enterprise development, sustainable transportation, and disaster resilience across Batanes, Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya, and Quirino.

Among the featured initiatives were the eTuro Project, which supports learning through technology; the Isabela Natural Dyes Hub, which promotes locally sourced materials; and DOST programs such as the Smart and Sustainable Communities Program (SSCP), Community Empowerment through Science and Technology (CEST), and Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP).

Research capabilities in the region were also showcased through electric mobility solutions developed by Cagayan State University (CSU), including e-Trikes and C-Trikes, demonstrating the potential of local research and engineering to support cleaner transportation.

Disaster preparedness and response also formed part of the celebration through HANDA sa Bagong Pilipinas: Building a Disaster Resilient and Future Ready Nation. A highlight was the turnover and operational demonstration of the Mobile Command and Control Vehicle (MoCCoV) for Tuguegarao City, alongside capacity-building activities and the MoCCoV Skills and Operations Olympics.

The activities underscored that the value of innovation lies not only in developing new technologies but in ensuring that these are effectively adopted and used to address real challenges.

Through the 2026 Cagayan Valley RSTW, DOST and its partners provided a platform for sharing knowledge, building partnerships, and expanding opportunities for technology adoption across the region.

Ultimately, the celebration reinforced the vision of "Agham na Ramdam" — science and technology that move from research and ideas into solutions that make a real difference in the lives of Filipino communities.

# PAG-IBIG NA NAUWI SA KULUNGAN: MAG-ASAWA TIMBOG SA P6.8M SHABU

**Camp BGen Vicente P Lim--** Timbog ang isang mag-asawa matapos makumpiskahan ng 1,000 gramo ng shabu na nagkakahalaga ng ₱6,800,000.00 sa anti-illegal drug operation ng pinagsanib na pwersa ng Special Operation Unit 4A, Philippine National Police Drug Enforcement Group, Regional Drug Enforcement Unit 4A, Binangonan Municipal Police Station, at Philippine Drug Enforcement Agency Rizal Provincial Office noong 6:30 PM ng September 12, 2026, sa Barangay Bilibiran, Binangonan, Rizal.

Kinilala ang mga suspek na sina alias "Canapia," 23, construction worker, at alias "Junainah," 22, jobless, kapwa residente ng Barangay Bilibiran, Binangonan, Rizal. Sila ay nahaharap sa paglabag sa R.A. 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Sa nasabing operasyon, nakumpiska mula sa mga suspek ang isang transparent na ziplock plastic pack na naglalaman ng puting mala-kristal na substansiya na hinihinalang shabu, na may timbang na 1,000 gramo at may Standard Drug Price (SDP) na ₱6,800,000.00; isang itim na bag; cellular phone; brown envelope; pink na paper bag; pink na plastic; isang puting Mitsubishi Xpander na may plate number NLK 3273 at susi nito; driver's license ni alias "Canapia"; at passport ni alias "Junainah."

Ayon kay PBGen Dominic L Baccay, Regional Director ng Police Regional Office 4A, patuloy na paiigtingin ang intelligence-driven operations at koordinasyon sa iba't ibang law enforcement agencies upang labanan ang ilegal na droga sa CALABARZON, alinsunod sa B.E.S.T. Policing Framework at Focused Agenda ng Chief, PNP.

"Patuloy nating paiigtingin ang kampanya kontra illegal drugs. Hahanapin, huhulihin, at pananagutin natin ang mga sangkot sa ilegal na droga. There will be no safe haven for drug personalities in CALABARZON," saad ni PBGen Baccay.

Samantala nasa kustodiya ng PNP DEG SOU 4A ang mga suspek at nakumpiskang ebidensya para sa kaukulang dokumentasyon at disposisyon**. *(RPIO 4A)***

# PAGBABAGO BAGS, HANDOG
## PARA SA MGA MAG-AARAL NATING MUSLIM

Bilang bahagi ng PagbaBAGo: A Million Learners Campaign ng Office of the Vice President, inihandog ng OVP–BARMM Satellite Office at OVP–Southern Mindanao Satellite Office (OVP-SMSO) ang mga PagbaBAGo Bags na naglalaman ng school supplies, dental kits, at raincoats para sa mga mag-aaral ng Madrasah sa Lanao del Sur at Davao City.

Noong Agosto 27, humigit-kumulang 300 school bags at school supplies ang ipinamahagi sa mga mag-aaral ng Madrasa Omar Ali Al-Islamie, na matatagpuan sa PNP Compound, Barangay Beaba Damag, Lumbaca Unayan, Marawi City, Lanao del Sur.

Samantala, 1,200 PagbaBAGo Bags naman ang naipamahagi sa siyam na piling Madrasah sa Davao City, kabilang ang mga paaralang matatagpuan sa malalayong bahagi ng lungsod.

Layunin ng programa na makatulong sa mga mag-aaral at masuportahan ang kanilang pag-aaral upang maabot nila ang kanilang mga pangarap at magkaroon ng mas magandang kinabukasan.

Mahalin natin ang Pilipinas! ***(OVP)***

# PhilHealth LHIO Dasmariñas and DLSMHSI Strengthen Partnership through MOU for Graduating Students and Alumni

PhilHealth throughLocal Health Insurance Office (LHIO) Dasmariñas and the De La Salle Medical and Health Sciences Institute (DLSMHSI) strengthened their partnership through the signing of a Memorandum of Understanding (MOU) on August 14, 2026, at the DLSMHSI Library Auditorium.

The partnership, effective August 16, 2026 to August 15, 2028, supports DLSMHSI's Pre-Employment Services Program through its Alumni Center for Engagement and Services (ACES), providing graduating students and alumni with easier access to PhilHealth services as they prepare to enter the workforce.





Under the MOU, LHIO Dasmariñas will assist eligible students and alumni with PhilHealth registration, updating of member record, issuance of Member Data Record and PhilHealth ID, and YAKAP clinic assignment.

LHIO Dasmariñas will also provide guidance on the PhilHealth online application and conduct orientations on PhilHealth membership, benefits, and available services.

The MOU was represented by LHIO Dasmariñas Chief Social Insurance Officer Ma. Obelia M. Fontanilla, Social Insurance Officer III Alma P. Fortaleza, and Social Insurance Officer II Darlene D. Albaño. Representing DLSMHSI were President Dr. Antonio B. Ramos, Chancellor and Chief Administrative Officer Ferdinand L. Berba, Vice Chancellor for Academics Dr. Naomi M. De Aro, and ACES Director Kathlyne Jane F. Graycochea.

Through this collaboration, LHIO Dasmariñas and DLSMHSI continue to bring essential health insurance information and services closer to future professionals, helping them stay informed and protected as they begin their professional journey.




**"SERBISYONG MAY MALASAKIT, PAGKAKAISANG MAY LAYUNIN, AT PAGKILOS PARA SA BAWAT PILIPINO"**

Ito ang naging mensahe ni Acting Regional Vice President Dr. Edwin M. Oriña sa ginanap na "YAKAP na Handog ng Pangulo" sa iba't ibang site locations sa Cavite, Laguna at Quezon noong Setyembre 14, 2026.

Ang YAKAP na Handog ng Pangulo ay sabay-sabay na isinagawa sa buong bansa bilang bahagi ng inisyatibo ng Handog ng Pangulo 2026 na naglalayong ilapit sa mga Pilipino ang mahahalagang serbisyong pangkalusugan, proteksyong pinansyal, at segurong pangkalusugan para sa lahat.

# GRUPO NG KABATAAN AT ATTY. MACALINTAL, NANAWAGAN NA ITULOY ANG 2026 BARANGAY AT SK ELECTIONS

**PASAY CITY, Philippines** — Nanawagan ang mga organisasyon ng kabataan at election lawyer na si Atty. Romulo Macalintal na huwag ipasa ang panukalang batas na magpapalawig sa termino ng mga opisyal ng barangay at Sangguniang Kabataan (SK) at magpapaliban sa Barangay at SK Elections (BSKE) hanggang 2028.

Sa isang press conference sa Pasay City, binigyang-diin ni Macalintal na maaaring mawalan ng sapat na panahon ang taumbayan upang kuwestiyunin sa Korte Suprema ang panukalang batas. "Para bang tinatanggalan tayo ng panahon para i-kwestyon ang nasabing panukalang batas... para siguro hindi tayo makapunta sa Korte Suprema," ani Macalintal.

Sa ilalim ng kampanyang #YesToBSKE2026, iginiit ng mga youth organization na dapat ituloy ang halalan sa Nov 2, 2026, alinsunod sa karapatan ng taumbayan na pumili ng kanilang mga lider sa barangay. Binigyang-diin nila na ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nagmumula sa sambayanan at dapat na naipapahayag sa pamamagitan ng malaya at regular na halalan.

Sinabi ng mga grupo na kung maipapasa ang panukalang term extension at election postponement, ito na ang magiging ika-siyam na pagkakataon na maipagpaliban ng Kongreso ang Barangay at SK Elections. Anila, paulit-ulit na ipinagkakait sa kabataan at sa taumbayan ang pagkakataong pumili ng kanilang mga lider sa lokal na pamahalaan.

Ayon sa mga kabataan, kabilang sila sa mga sektor na higit na maaapektuhan ng panibagong postponement. Dahil sa mga limitasyon sa edad para sa pagboto at pagtakbo sa SK, may mga kabataang maaaring hindi lamang maantala, kundi tuluyang mawalan ng pagkakataong makilahok sa halalan.

Sinabi ni Angel Justine Cruz ng Kaya Natin! Youth na ang panukalang postponement ay isa na namang pagkakait sa karapatan ng taumbayan na pumili ng kanilang mga lider sa lokal na pamahalaan.

Para naman kay Aira Joy Villamil ng Model SK, direktang maaapektuhan ng postponement ang mga kabataang nais makilahok sa pamamahala sa kanilang komunidad.

"Kapag ipinagpaliban ang halalan, hindi lamang petsa ang inaantala—inaalis din sa kabataan ang pagkakataong tumakbo, makaboto, at magkaroon ng tunay na kinatawan. Kapag humihina ang halalan, humihina rin ang pananagutan at kalidad ng pamamahala sa barangay," ani Villamil.

Kinuwestiyon din ng mga kabataan ang pangangailangang ipagpaliban ang halalan kahit nakapaghanda na ang Commission on Elections (COMELEC). Ayon sa mga grupo, humigit-kumulang ₱8 bilyon na umano ang nagamit sa paghahanda para sa halalan at handa na ang COMELEC na isagawa ang BSKE.

Tinuligsa rin nila ang agarang pagsusulong ng limang taong termino para sa mga opisyal ng barangay at SK kahit hindi pa lubusang nasusubukan ang kasalukuyang apat na taong termino. Iginiit ng mga grupo na hindi dapat basta palawigin ang panunungkulan ng mga incumbent nang walang sapat na dahilan at walang panibagong mandato mula sa taumbayan.

Kung maipapasa ang postponement bill, aabot sa tatlong taon ang karagdagang panunungkulan ng mga kasalukuyang opisyal. Para sa mga kabataan, magiging katumbas ito ng pagbibigay ng panibagong termino sa mga incumbent kahit walang direktang mandato mula sa mga botante.

Sinabi naman ni Jacinto Aguillon ng Kilos Ko Youth na hindi kumakatawan sa interes o hinihingi ng karaniwang mamamayan ang panukalang postponement.

"The postponement of the 2026 BSKE is not in the people's interest. It is not what the youth are asking of the government. Kapag ipinagpapaliban ang halalan, ipinagpapaliban din ang ating mga karapatan," ani Aguillon.

Binanggit din ng mga grupo ang isang pag-aaral na nagsasabing halos walo sa bawat sampung Pilipino ang nais na matuloy ang halalan. Sa gitna ng iba't ibang suliranin sa bansa, kinuwestiyon nila kung bakit minamadali ang term extension at postponement sa halip na pakinggan ang tinig ng taumbayan.

Nanawagan ang mga organisasyon ng kabataan, kasama si Atty. Macalintal, sa mga senador, kongresista, at Pangulo na igalang ang karapatang bumoto at pumili ng mga lider.

Itinutulak nila ang agarang pagdaraos ng Barangay at Sangguniang Kabataan Elections sa Nov 2, 2026.

# SAFE FOOD, BETTER HEALTH: DOST Misamis Occidental Conducts Food Safety Orientation in Ozamiz City

In line with continuing efforts to enhance the Complementary Food Production Facility and strengthen local food safety practices, DOST Misamis Occidental successfully conducted a Food Safety Orientation on August 26, 2026.

The training took place at the Complementary Food Production Facility Training Hall, IBJT Compound, Carangan, Ozamiz City. It was actively participated in by 9 production staff (6 males and 3 females, including 1 PWD) who are at the forefront of the city's complementary food production.

Ms. Melanie O. Laude served as the resource speaker, guiding them with essential food safety standards. This orientation serves as a step in upgrading the skills of the staff and ensuring that proper food handling protocols are met. More importantly, this activity prepares the facility for its upcoming Food and Drug Administration - License to Operate (FDA-LTO) application.

Through science, technology, and safety standards, DOST and the Ozamiz Complementary Food Production team continue to work hand-in-hand to deliver safe, high-quality, and nutritious food products for the community!

# After 25-year wait, Bacooreño families become homeowners under Expanded 4PH

**BACOOR CITY, Cavite (PIA)** — After 25 years of waiting, residents of Salinas Bacoor, Inc. and Salinasville Phase II can finally call their government housing a home after receiving their Transfer Certificate of Title (TCT).

Last September 10, the Department of Human Settlements and Development (DHSUD) and Social Housing Finance Corporation (SHFC) led the distribution of TCTs to more than 200 individuals, as part of the government's bid to give informal settler families a permanent home.

DHSUD Secretary Jose Ramon Aliling and SHFC President Federico Laxa awarded the certificates to the families of Salinasville Homeowners Association Phase 2 and Bayanihan Homeowners Association.

The program, which was part of the Enhanced Community Mortgage Program (ECMP) under the Expanded Pambansang Pabahay Para sa Pamilang Pilipino (4PH) Program, aimed to help families secure ownership over their homes.

Representative Lani Mercado-Revilla of Cavite's Second District, highlighted Bacoor City's housing challenges which was caused by relocation projects. Through the Enhanced Community Mortgage Program, the lawmaker underscored the government's commitment to provide decent and secure homes for every family.

"Isang malaking suliranin sa lungsod ng Bacoor ang relokasyon at resettlement. How can we resettle and relocate if we do not have enough houses to build, at kung walang sapat na pondo and DHSUD?"

The lawmaker and thanked President Ferdinand Marcos Jr., whose flagship housing program paved the way for more Filipinos to claim ownership over their homes.

"Itong araw na ito ay patunay na matibay ang Samahan ng pabahay at ng local govenrment unit ng lungsod ng Bacoor, and the national government sa tulong ng ating mahal na Pangulong Bongbong Marcos."

The awarding of the TCTs marked the beginning of a new chapter for the Bayanihan Homeowners' Association Salinas after 25 years. For President Ruelito Garcia, they can finally call their houses their own.

"Ito 'yung bunga nung pinaghirapan namin ng 25 years., at ipinagkaloob na ito sa amin. Dumaan tayo sa mga pagsubok, bilang homeowners association tulad ng mga monthly dues."

Salinasville Homeowners Association Phase 2 and Bayanihan Homeowners Association are among the 47 approved ECMP project since the program was revived and expanded under the Expanded 4PH.

To date, the DHSUD has estimated 8,000 member-beneficiaries since the project's 2025 expansion. ***(PB-PIA CALABARZON, with reports from Department of Human Settlements and Urban Development, City Government of Bacoor)***

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**Regional Trial Court of Cavite**
**Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff**
New Justice Hall, J.P. Rizal Avenue,
Kaybagal South, Tagaytay City
Email Address: rtc1tgtocc@judiciary.gov.ph
Contact Nos. 09676699985/ (046) 419-0464

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**EJF NO. TG-24-023**
**FOR:** Application for Extra-Judicial Foreclosure of Mortgage [Under Act No. 3135, As amended]

-versus-

**NOEL JOSE DE GUZMAN DELOS SANTOS,**
Mortgagor,
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-judicial foreclosure sale under Act 3135, as Amended by Act No. 4118, filed by Mortgagee, **BDO UNIBANK, INC.,** a universal banking corporation duly organized and existing under the laws of the Republic of the Philippines with principal and place of business at 11th Floor, BDO Towers Valero, formerly Citibank Tower, 8741 Paseo de Roxas, Makati City 1226, Metro Manila, pursuant to the terms and conditions of the two Real Estate Mortgages executed and notarized on November 12, 2019 and March 9, 2021, by mortgagor **NOEL JOSE DE GUZMAN DELOS SANTOS,** of legal age, Filipino and with addresses at (1) Unit 603, Parc Royale Condominium, J. Vargas, Ortigas, Pasig City; (2) Tower I, Unit 619, Wind Residences, E. Aguinaldo Highway, Maharlika West, Tagaytay City; and (3) Tower I, Unit 620, Wind Residences, E. Aguinaldo Highway, Maharlika West, Tagaytay City, in favor of the Mortgagee, over a real estate properties including improvements thereon, described in and covered by **CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2018002194 and CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2018002082** of the Registry of Deeds for Tagaytay City, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the mortgagor in the amount of **FIVE MILLION EIGHT HUNDRED FORTY-SIX THOUSAND THREE HUNDRED NINETEEN PESOS AND 12/100 (PHP5,846,319.12)** as of January 29, 2024, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru her deputy, Baby Leem B. Maristela, will sell at public auction on **October 23, 2026** at **10:00 o'clock in the morning** or soon thereafter, at the **New Hall of Justice of Tagaytay City,** to the highest bidder, for Cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following properties with all its improvements thereon:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 076-2018002194**
**Registry of Deeds for Tagaytay City**
**(Republic Act No. 4726)**

"IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

TOWER I - 6TH FLOOR -
Unit - 619
RESORT RESIDENTIAL UNIT-2
UNIT AREA: 34.81 SQ. METERS

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2012004157; 2012004158; 2012004159 which embraces and describes the land located at MAHARLIKA WEST, TAGAYTAY CITY with an area of SEVENTEEN THOUSAND SIX HUNDRED SIXTY-TWO (17,662) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: NOEL JOSE DE GUZMAN DELOS SANTOS, FILIPINO CITIZEN, OF LEGAL AGE, SINGLE**
**Address:** UNIT 603 PARC ROYALE CONDOMINIUM, J. VARGAS, ORTIGAS, PASIG CITY, PHILIPPINES

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 076-2018002082**
**Registry of Deeds for Tagaytay City**
**(Republic Act No. 4726)**

"IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

TOWER I - 6TH FLOOR -
Unit - 620
RESORT RESIDENTIAL UNIT-2
UNIT AREA: 34.81 SQ. METERS

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2012004157; 2012004158; 2012004159 which embraces and describes the land located at MAHARLIKA WEST, TAGAYTAY CITY with an area of SEVENTEEN THOUSAND SIX HUNDRED SIXTY-TWO (17,662) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: NOEL JOSE DE GUZMAN DELOS SANTOS, FILIPINO CITIZEN, OF LEGAL AGE, SINGLE**
**Address:** UNIT 603 PARC ROYALE CONDOMINIUM, J. VARGAS, ORTIGAS, PASIG CITY, PHILIPPINES

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **October 30, 2026,** without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the **CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2018002194 and CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2018002082** the encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Tagaytay City, Philippines, August 26, 2026.

(Sgd)
**ATTY. VARBRA ANN A. VARIAS-DIMAYUGA**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

(Sgd)
**BABY LEEM B. MARISTELA**
Sheriff-in-Charge

WARNING :

**IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW**

Copy Furnished:

**BDO UNIBANK, INC.,**
*Mortgagee*
11th Floor, BDO Towers Valero
formerly Citibank Tower
8741 Paseo de Roxas, Makati City 1226,
Metro Manila

**NOEL JOSE DE GUZMAN DELOS SANTOS**
Mortgagor
(1) Unit 603, Parc Royale Condominium, J. Vargas, Ortigas, Pasig City;
(2) Tower I, Unit 619, Wind Residences, E. Aguinaldo Highway, Maharlika West, Tagaytay City;
(3) Tower I, Unit 620, Wind Residences, E. Aguinaldo Highway, Maharlika West, Tagaytay City

**Publication: HANEP** September 14, 21 & 28, 2026

# On-Site Mobile Acceptance of Civil Registry Documents at Batangas Medical Center for Handog Ng Pangulo Initiative

BATANGAS CITY — The Philippine Statistics Authority (PSA) Regional Statistical Services Office IV-A established an on-site PSA Kiosk at Batangas Medical Center (BatMC) on 14 September 2026 as part of the Handog Ng Pamilya Initiative, bringing essential civil registration services closer to patients, families, and newborns.

The initiative is being undertaken in partnership with Batangas Medical Center, a tertiary government hospital committed to providing accessible and responsive healthcare services.

The PSA Mobile Acceptance were envisioned to make civil registration and related document issuance services more convenient, particularly for families with newborn children.

Among the services to be facilitated through the initiative are:

1. Assistance in processing applicable civil registration documents and requirements;
2. Facilitation of requests for certificates of birth, marriage, death, and other civil registry documents, as applicable;
3. Provision of PSA-related information and assistance to patients and their families regarding civil registration concerns; and

The PSA's commitment to improving accessibility, convenience, and responsiveness to the needs of Filipino families is demonstrated by the creation of the PSA Acceptance of Civil Registry Documents.

# CALABARZON National ID Registration Reaches 14.13 Million as PSA Region IV-A Celebrates International Identity Day

The Philippine Statistics Authority (PSA) Region IV-A joins the global observance of International Identity Day on September 16, 2026, highlighting the continued progress of the Philippine Identification System (PhilSys), with 14,120,560 Filipinos in the region registered with the National ID as of 31 August 2026.

The figure represents an increase of 263,286 registrants, or 1.9 percent, from the 13,857,274 registered individuals recorded as of 31 January 2026, reflecting the sustained efforts of the PSA and its partners to make National ID registration accessible to communities across the region.

International Identity Day underscores the fundamental importance of legal identity as a gateway to rights, services, and opportunities. In the Philippines, PhilSys provides a foundational and inclusive means of establishing identity, with the National ID available in physical, paper, and digital formats.

As the National ID continues to reach more Filipinos, it also plays an increasingly important role in enabling secure and convenient identity verification for both government and private sector transactions.

In support of this, PSA Region IV-A continues to promote the National ID Authentication Services (NIDAS) among relying parties in the region. At present, the City Government of Tayabas is already integrated with and using NIDAS for its Tayabazen Digital Platform. Meanwhile, three LGUs—Batangas City, the City of Santo Tomas in Batangas, and the City of Antipolo—are currently in the process of integrating their systems with NIDAS.

These continuing initiatives demonstrate the PSA's commitment to maximizing the benefits of the National ID and advancing a more inclusive, secure, and digitally enabled identity ecosystem in CALABARZON.

# Provincial Government of Cavite Provides Hearing Aids to 64 Beneficiaries

On September 2, 2026, the Provincial Government of Cavite, through the OPG–Office of the Provincial Persons with Disabilities Affairs Officer, in partnership with Manila Hearing Aid, provided hearing aids to 64 adults with mild to severe hearing loss during an activity held at the New Provincial Government Center, Trece Martires City.

Provincial Administrator Engineer Gilbert V. Gandia delivered a message of support and encouragement to the beneficiaries, reaffirming the Provincial Government's commitment to promoting their well-being, accessibility, and inclusion.

As part of the activity, Manila Hearing Aid also conducted an orientation on the proper use, care, and maintenance of the hearing devices to help beneficiaries maximize their benefits.

The initiative reflects the Provincial Government of Cavite's continued commitment to empowering persons with disabilities and improving their quality of life through accessible programs and services. — ***OPIO***




PSC CHAIRMAN JOHN PATRICK GREGORIO

## Inilunsad ng Lanao del Norte ang kauna-unahang Mindanao Youth Games

Ang Lanao del Norte ay nakatakdang gumawa ng kasaysayan sa pagiging punong-abala ng kauna-unahang Mindanao Youth Games (MYG) mula Abril 11–17, 2027, katuwang ang Philippine Sports Commission (PSC), na nagmamarka ng pagbabago ng lalawigan bilang isang pangunahing destinasyon sa palakasan.

Ang sentro ng pagdaraos ng MYG ay ang Mindanao Civic Center (MCC), isang malawak na 70-ektaryang sports complex sa Tubod kung saan libu-libong atleta na may edad 18 pababa mula sa 33 lungsod sa anim na rehiyon ng Mindanao ang magtitipon at makikipag-kumpetisyon, kasama ang Timor-Leste bilang guest team.

"Noong pumunta ako roon noong nakaraang buwan, talagang humanga ako sa mga pasilidad. Ito ay talagang world-class," sabi ni PSC Chairman Patrick Gregorio sa paglulunsad sa PSC media conference room sa Rizal Memorial Sports Complex sa Maynila.

"Iangat natin ang antas ng mga Laro rito upang matuklasan ang mga bagong atleta at magiging pambansang atleta mula sa Mindanao," dagdag pa ni Gregorio.

Ang mga kumpetisyon ay aabot sa 12 hanggang 15 laro, kabilang ang football, athletics, swimming, basketball, volleyball, archery, tennis, combat sports, at weightlifting.

Ipinagmamalaki ng MCC ang isang FIFA-certified football pitch, isang World Athletics-standard track and field oval, isang Olympic-size swimming pool, isang 5,000-seater gymnasium, mga lugar para sa archery, tennis, combat sports, at weightlifting, pati na rin ang isang 5-star hotel.

"Masaya kaming maging host ng Mindanao Youth Games. At masaya kaming makipagtulungan sa PSC upang magdala ng mas magandang karanasan sa palakasan para sa ating mga atleta," pahayag ni Lanao Del Norte Governor Mohamad Khalid Dimaporo.

"Ang problema sa mga LGU ay kanya-kanya. Ang kailangan natin ay isang lider sa pambansang antas na magbibigay sa atin ng direksyon. Walang lider hanggang sa wakas ay mayroon tayong PSC Chairman Pato," dagdag ni Gov. Dimaporo, na sinamahan ng kanyang kapatid na si Lanao Del Norte 2nd District Representative Sittie Aminah Dimaporo sa paglulunsad.

Bukod sa mga kasalukuyang pasilidad, isang baseball/softball diamond ang malapit ding itayo sa tulong ng PSC at ng Philippine Amateur Baseball Association.

Hindi na bago sa kasaysayan ang MCC, na nag-host na ng 2003 Palarong Pambansa. Sa pamamagitan ng mga na-upgrade na pasilidad, handa na ito ngayon para sa mas malalaking kaganapan, kabilang ang Batang Pinoy sa 2028 at posibleng isa pang Palarong Pambansa. Magsisilbi itong host ng MYG sa loob ng tatlong magkakasunod na taon hanggang 2029.

"Gusto namin na ang bawat paligsahan na aming i-host ay maging sustainable. Tulad ng sinabi ni Chairman Pato, paano makakarating ang mga bata sa itaas kung hindi man lang sila bibigyan ng pagkakataong lumaban?" wika ni Congresswoman Dimaporo.

"Ang pag-host ng mga kompetisyon na tulad nito ay nagtatakda ng pamantayan, nagbibigay-inspirasyon sa ating mga kabataan, at nag-utulak sa kanila na mag-ensayo nang mas mabuti," dagdag niya.

Tiniyak ni Governor Dimaporo na ang mga atleta, opisyal, at mga miyembro ng media ay lubos na maaalagaan, kung saan handa nang tanggapin sila ng mga bagong hotel at resort ng lalawigan.

"Mapagtatanto ng mga tao na hindi lamang tayo nagdaraos ng mga kaganapan sa Maynila. Pumupunta tayo sa labas ng Kalakhang Maynila, sa Visayas, sa Mindanao. Ang pokus ay ang pagbuo ng mga panrehiyong sentro ng pagsasanay. Kapag nag-upgrade ka ng mga pasilidad sa mga lalawigan, ito ay isang pagkakataon din upang maging host," sabi ni Gregorio.

Ang mga pagpapabuti sa imprastraktura, kabilang ang Panguil Bay Bridge na nag-uugnay sa Ozamiz at Tangub City patungong Tubod, at isang paliparan na 30 minuto lamang ang layo, ay tinitiyak ang madaling pag-abot para sa mga atleta, opisyal, at bisita.

"Ang pagho-host na ito ng MYG ay isang pangarap na magiging katotohanan para sa ating lalawigan," ani Lanao Del Norte First District Congresswoman Imelda "Angging" Quibranza-Dimaporo, na nag-host kay Chairman Gregorio at sa koponan ng PSC nang bumisita sila sa MCC sa panahon ng Lanao del Norte Sports and Youth Summit noong nakaraang buwan.

"Sana ay isaalang-alang at ilagay ng ating mga kababayan ang ating lalawigan sa kanilang bucket list. Ito ang lupain ng kagandahan at kasaganaan kung saan matatagpuan mo ang kapayapaan, at kung saan ang mga tao ay mainit at mapag-istima," dagdag niya.

Kamakailan ay nagdaos ang MCC ng mga laban sa Premier Volleyball League na umakit sa libu-libong tagahanga mula sa Northern Mindanao, kasama ang Mindanao Boy Scouts Jamboree na tinanggap ang higit sa 3,000 delegado.

"Isang mortal na kasalanan na huwag sulitin ang mga pasilidad na ito. Nang bumisita kami, nakita namin na itinayo ang mga ito ayon sa mga pandaigdigang pamantayan. Tulad ng binigyang-diin ni Congresswoman Angging, walang pangalawang uri dito, ang lahat ay idinisenyo upang maging pinakamahusay, sa lahat ng oras," ani PSC Commissioner Fritz Gaston, ang komisyoner na namamahala sa MYG.

Itinuro ni Gregorio na ang mga Laro ay inilarawan hindi lamang bilang isang pagtatanghal ng talento kundi pati na rin bilang isang katalista para sa paglago ng ekonomiya, sports tourism, at pagpapaunlad ng kabataan.

Para sa Lanao del Norte, ito ang simula ng isang malaking pangarap na maging sentro ng sports tourism sa Mindanao.

"Nang ipakita sa akin ang MYG, nakita ko ang pagkakataon para sa PSC na pumasok at magtakda ng mga pamantayan para sa panrehiyong palakasan," sabi ni Governor Dimaporo.

"At ang MYG ay isa sa mga bagay na maaari nating gawin, pareho bilang pambansa at lokal na yunit ng pamahalaan, upang magtakda ng pamantayan para sa mga pasilidad sa palakasan," dagdag niya.

Nagsisimula na ang pagbabago. Natukoy na ng PSC ang Mindanao Civic Center

## Oktubre 10 Spikers Turf at PVL All Pilipino Conference sa Cebu

Ipagdiriwang ng Spikers' Turf ang ika-10 anibersaryo nito sa pamamagitan ng isang mahalagang yugto na matagal nang pinapangarap ng mga nagtatag nito ang makasama sa wakas ang Premier Volleyball League sa iisang entablado at mga petsa ng laro.

Ang 2026 Invitational Conference ng nangungunang men's volleyball league ay bubuksan sa Oktubre 10 sa SM Seaside Cebu Arena kasabay ng All-Filipino Conference ng PVL, na maglalagay sa mga nangungunang men's at women's volleyball league sa bansa sa ilalim ng iisang bubong sa unang pagkakataon.

Magsisimula ang makasaysayang triple-header sa laban ng Choco Mucho at Capital1 sa ganap na 1 p.m., na susundan ng laro sa Spikers' Turf sa 3:30 p.m. Pagtatapos naman ng Creamline at Akari ang mga pagdiriwang sa unang araw sa ganap na 6 p.m.

At hindi ito magiging pang-isang araw na kasunduan lamang. Nagpasya ang Sports Vision Management Group Inc., na nag-aorganisa ng parehong liga, na gawing regular na bahagi ang mga magkasamang araw ng laro, kung saan ang mga laban sa Spikers' Turf ay isisingit sa pagitan ng mga laro sa PVL tuwing Martes, Huwebes, at Sabado.

"Una sa lahat, gusto kong pasalamatan ang Cignal at Sports Vision, PVL, sa pagtupad sa pangarap na ito," ani Spikers' Turf tournament director Mozzy Ravena sa 10/10 press conference ng liga sa Novotel Manila.

"Sampung taon ang binilang. Mula pa sa simula, gusto na naming maglaro nang magkatabi sa PVL at sa wakas, wika nga nila, nagkatotoo ang mga pangarap. Pagkalipas ng 10 taon, ito na, maglalaro na kami kasama ang mga koponan ng kababaihan sa PVL. Maraming salamat sa pagpapangyari nito," dagdag pa niya.

Magpapanatili rin ang Spikers' Turf ng sarili nitong hiwalay na mga petsa ng laro habang 10 koponan ang maglalaban-laban sa Invitational Conference.

Anim na koponan mula sa Open Conference kanina pang taong ito ang magbabalik, sa pangunguna ng kampeong Criss Cross, kasama ang Savouge, Alpha Insurance, Cabstars, 3B, at VNS.

Gagawin ng bagong salta na Clearskiiin ang debut nito sa liga, habang magbabalik naman ang Armed Forces of the Philippines sa Spikers' Turf pagkatapos ng ilang taong pagliban.

Kumpletuhin ang mga koponan ng dalawang nangungunang koponan mula sa nagpapatuloy na V-League Men's Collegiate Challenge, na magbibigay sa Invitational Conference ng timpla ng mga matatag na club, bagong salta, at mga tanyag na manlalaro sa kolehiyo.

Ang 10 koponan ay maglalaro ng single round-robin elimination, kung saan ang nangungunang apat ay aabante sa round-robin semifinals, at sasalihan sila ng dalawang banyagang guest team.

Ang dalawang nangungunang koponan ay maghaharap sa isang knockout championship match.

Para sa presidente ng Sports Vision na si Ricky Palou, ipinapakita ng mahalagang ika-10 season ang layo ng narating ng volleyball sa Pilipinas mula nang maitatag ang liga.

"Ang sampung seasons ay isang malaking milestone para sa amin. Noong kami ay nagsimula, ang aming layunin ay magbigay lamang ng plataporma para sa mga Pilipinong manlalaro ng volleyball upang makipag-kumpetensya at maipakita ang kanilang talento. Sampung taon ang lumipas, ipinagmamalaki namin kung gaano kalayo na ang narating ng isport—at ng ating mga liga," ani Palou.



10 PVL 10 SPIKERS TURF OFFICIAL

## Maraño ng Premier Volleyball League nagretiro na

**NAPALUHA** ng bahagya na nag kwento sa pamamagitan ng Tabloids Organization in Philippine Sports (TOPS) si Phil professional volleyball star Aby Maraño na kilalang 'Tyang Aby' ng kanyang fans para sa kanyang opisyal ng pagreretiro bilang player ng Premier Volleyball League (PVL).

Sa kanyang pagbisita sa TOPS kamakailan, naalala pa niya ang matinding pagsisikap niya noong kabataan sa paglalaro ng volleyball, disiplina dahil sa gusto niyang maabot ang matayog na pangarap na kilalanin bilang pinakamahusay na manlalaro ng bansa.

Ginunita niya ang paglalaro ng volleyball noong 11-anyos siya mula sa paggawa ng net ay itinatali pa nila ito sa puno o kaya ay sa posteng pinagpatungan lang ng mga bato para tumibay. "Tuwing may daraan pang tricycle ay itataas pa namin ang net para makadaan ang sasakyan, sobrang hirap ng panahon na iyon nu'ng bata pa ako, pero naroon ang pangarap ko e. Hindi ko rin naranasan noon ang maglakwatsa, puro ako aral at training."

Naiiyak kasi ako kasi kung babalikan ko iyong mga nakasama ko ay mami-miss ko iyong samahan namin, chemistry. Si Myla Pablo nga ilang beses kaming nagtatawagan, umiiyak siya at nalulungkot sa desisyon ko."

Sa edad niyang 34 sa ngayon, isang malaking oportunidad ang dumating nang italaga siya sa isang managerial position ng kumpanyang F2 Logistics na sakto naman sa plano niyang iretiro na ang paglalaro lalo na at matatapos na siya sa master's degree ng kanyang kurso sa ngayon na may kaugnayan sa logistics.

"Dito sa trabaho ko ngayon nga gusto kong matutunan ang degree ng trabaho ko at ang total operation, it's a great experience."

Ipinapayo rin niya sa mga kabataang atleta sa ngayon na, "Hindi lang dapat puro training at laro, kundi pagtuunan din ng pansin ang pag-aaral at edukasyon dahil di habang panahon malakas at maglalaro ang kabataan, kailangang may kursong matatapos upang magkaroon ng future sakaling dumating ang point na titigil na sa paglalaro."

Nabanggit din ni Maraño na wala siyang iniindang anumang injury o karamdaman upang maging dahilan ng kanyang pagreretiro kundi bagong karera ang kanyang pagtutuunan ngayon ng pansin kung kaya siya magbibitiw sa paglalaro. "Talagang natutunan ko lang sa volleyball na maging disiplinado sa sarili, matulog nang maaga, kumain ng tama at healthy living lang talaga para makaiwas sa injury."

Magkahalong lungkot at saya ang kanyang anunsiyo na bigyan na rin ngayon ng prayoridad na magamit ang pinag-aralan sa kolehiyo at hindi habang panahon na siya ay maglalaro.

Pinabulaanan naman ni Maraño na siya ay mag-aasawa na bagamat inamin niyang in a relationship siya at masaya ang kanyang buhay pag-ibig. "Gusto ko munang magpokus sa bago kong career."




ABY MARAÑO SA TOPS USAPANG SPORTS KASAMA SI EDWIN ROLLON NG SPORTSTEK.PH

## SSL Unity Cup may 1 million na pa premyo sa mag kakampeon

Tatanggap ng isang Milyon na premyo ang mag ka kampeon matapos na ipahayag kamakailan sa ginanap na pag lulunsad para sa

2026 Shakey's Super League (SSL) Unity Cup, na sisimulan sa Setyembre 25 sa Rizal Memorial Coliseum.

Makakaharap ng NU ang matinding hamon mula sa anim na koponan ng UAAP at 10 koponan ng NCAA sa torneo na suportado ng Shakey's Pizza Asia Ventures Inc. (SPAVI).

Bukod sa tropeo, P1 milyon ang iuuwi ng kampeon, habang P600,000 at P300,000 naman ang mapupunta sa second at third placers.

May tig-P10,000 ang mga tatanghaling individual awardees, habang P30,000 ang gantimpala para sa Most Valuable Player.

Ayon kay Ian Laurel, pangulo at chairman ng Athletic Events and Sports Management Inc. (ACES), layunin nilang gawing mas malaki, kapana-panabik at mas explosive ang Unity Cup ngayong taon matapos ang matagumpay na Girls Volleyball Invitational League at National Invitationals.

"Since 2004, Shakey's has been there supporting the growth and development of the sport here in the country. And Shakey's continues that commitment through the staging of the SSL," ani SPAVI president at CEO Vic Gregorio.

Hindi sasabak ang reigning UAAP champion De La Salle University ngayong season dahil sa mga injury ng ilang key players.

Ang 17 koponan ay hahatiin sa apat na pool para sa single-round robin preliminary round.

Pool A: NU, San Beda University, Arellano University, University of Perpetual Help at NCAA champion Letran College.

Pool B: University of Santo Tomas, College of Saint Benilde, Jose Rizal University at Mapua University.

Pool C: Far Eastern University, Ateneo de Manila University, Emilio Aguinaldo College at San Sebastian College-Recoletos.

Pool D: Adamson University, University of the Philippines, Lyceum University of the Philippines at University of the East, na nagbabalik matapos lumiban noong nakaraang taon.

Aakyat sa susunod na round ang top two teams sa bawat pool. Mula rito, muling hahatiin ang mga koponan sa dalawang grupo para sa panibagong round-robin.

Magkakaroon ng twice-to-beat advantage sa crossover quarterfinals ang dalawang nangungunang koponan. Knockout ang semifinals at bronze medal match, habang best-of-three ang championship series.

Mananatili rin ang natatanging all-to-play format, kung saan kailangang makapaglaro ang lahat ng manlalarong nasa game roster ng bawat koponan.

Gagamit din ang liga ng pinakabagong video challenge system na may animated replay visualization upang mas malinaw na masuri ang mga kontrobersiyal na plays. Gagamitin ito simula sa second round.

"Of course, we want teams to experience playing under international standards through innovations and the latest volleyball technology," ani Laurel.




SSL UNITY CUP CEREMONIAL PIZZA GIANT CUTTING

## Pinataob ng Perpetual Help ang EAC para sa unang panalo sa Season 102

Nasungkit ng Perpetual Help ang kanilang unang panalo sa Group B matapos pabagsakin ang Emilio Aguinaldo College, 83-72, sa NCAA Season 102 men's basketball tournament sa San Juan Arena.

Bumangon ang Altas mula sa kanilang pagkatalo sa opening day kontra Letran upang iangat ang kanilang rekord sa 1-1 ngayong maagang yugto ng season.

Tanging isang puntos lamang ang kalamangan ng Perpetual sa simula ng ikaapat na quarter, 62-61, bago kumana ng 9-0 run na tinapos ng isang triple ni Rey Maglupay sa 6:02 mark para sa 71-61 bentahe.

Hawak na ng Altas ang laro sa huling bahagi ng yugto, 79-67, ngunit gumawa ng mabilis na limang sunod na puntos ang Generals para mabawasan ang lamang sa pito, 79-72, sa nalalabing 1:57 minuto.

Gayunpaman, tuluyang sinelyuhan ni Mark Gojo Cruz ang panalo para sa Generals sa pamamagitan ng isang short stab upang ibalik ang sapat na layo ng Perpetual, 81-72, sa natitirang 1:47 ng laro.

"Nagpe-prepare kami na lahat ng games na ilalaban namin ay dikitan talaga," ani Gojo Cruz matapos magtala ng 15 puntos, anim na assists, at apat na rebounds sa kanilang panalo.

"Thankful kami na kung ano 'yong tina-trabaho namin sa practice, nagawa namin sa crunch time. Thankful kami na nanalo kami pero sana tuloy-tuloy pa kasi mahaba pa 'tong season."

Pinangunahan ni Angelo Gelsano ang scoring para sa Altas sa pamamagitan ng double-double na 17 puntos at 10 rebounds. Sumunod sa kanya si LA Casinillo na may 16 puntos, habang nag-ambag sina Juan Tulabut at Maglupay ng 15 at 11 puntos ayon sa pagkakasunod.

Tumapos si EJ Castillo na may 19 markers at limang boards sa unang laro ng EAC ngayong season. Nag-ambag naman si Harvae Raymundo ng 17 puntos sa kanilang pagkatalo.



NCAA SEASON 102 MEN'S BASKETBALL - LEOBERT CASINILLO UPHSD VS EAC - JUDE BAGAY